REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG
BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 90-146

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PAGSANG-AYON SA PAGLAHOK NG PAMAHALAANG BAYAN SA MUNICIPAL DEVELOPMENT PROJECT 2 O ANG MMINUTE II- URBAN FRINGE, NA POPONDOHAN NG WORLD BANK.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang katatapos na proyekto ng Taxmapping sa ilalim ng PREMIUMED Project ng World Bank, Kagawaran ng Pananalapi at ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nakatulong ng malaki sa pagtaas ng mga nasisingil sa buwis sa mga ari-ariang di-natitinag;

SAPAGKAT, sa pagpapatupad ng mga proyektong gaya nito ay mas maliit na bahagdan lamang ang nagagastos ng Pamahalaang Bayan, samantalang ang kalakihan ng pondo ay ibinibigay ng World Bank;

SAPAGKAT, malaking kapakinabangan ang maidudulot ng proyektong ito sa lalong pag-iibayo ng malilikom na buwis sa ari-ariang di-natitinag at pagsasa-ayos ng records ng Ingat-Yaman at Taga-Tasang Pambayan sa tulong ng computerization;

NGAYON, DAHIL DITO, Ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagsang-ayon sa paglahok ng Pamahalaang Bayan sa proyektong Municipal Development Project 2 (MDP2).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang-103 pangkaraniwang pulong ngayong ika-23 ng Abril,1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

INISPONSOR NI: KGG. RUFINO B. JOAQUIN

MGA SUMANG-AYON:

Kgg. CARLO G. TENSUAN; Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ; Kgg. ROMAN E. NIEFES
Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO; Kgg. NEMESIO O. MOZO; Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Kgg. ROGER C. SMITH ; Kgg. NOLASCO L. DIAZ; Kgg. VICENTE Y. CHUA

HINDI DUMALO: KGG. REY BULAY ; KGG. E. ESPELETA